Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Arts

## Unang Markahan - Modyul 1
## Linggo 1: 1.3 Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Mindanao



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Arts – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 1: 1.3 Mga Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Mindanao
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishiers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Author:** | Levie P. Baugbog |
| **Editor:** | Marina A. Impig |
| **Reviewers:** | Freddie L. Palapar – PSDS<br>Ronie A. Nietes |
| **Illustrator:** | Lovejoy D. Adrigado |
| **Layout Artist:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>Schools Division Superintendent |
| Co-Chairperson: | Eugene I Macahis Jr.<br>*Asst. Schools Division Superintendent* |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Jourven B. Okit, EPS – MAPEH<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

4

# Arts

## Unang Markahan - Modyul 1
## Linggo 1:1.3 Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Mindanao

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang propesyonal na nasa larangan ng Edukasyon na magpadala ng kanilang puna o komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng email: region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Panimula*

Mga mag-aaral, ang modyul na ito ay ginawa para sa inyo. Ito ay makatutulong na mapadali ang inyong pag-unawa sa mga araling napapaloob nito.

Ang gagawin niyo lamang ay basahin at intindihin nang mabuti ang mga panuto sa bawat gawain upang makamit ang mithiin ng modyul na ito.

Sa modyul na ito, makikilala mo ang kahalagahan ng mga kultural na pamayanan sa Mindanao. Mailalarawan mo rin ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Mindanao ayon sa uri ng kanilang pananamit, palamuti sa katawan, kaugalian, at pamumuhay.

Pagkatapos mong alamin ang mga kultural na pamayanan ng Mindanao ay inaaasahang makalilikha ka na ng isang likhang-sining na ginagamitan ng mga disenyo na makikita sa Mindanao.



Mga paalala sa mga Guro

Hinihikayat ang mga guro na subaybayan ang lahat na mga gawain ng mga mag-aaral upang lubusang mapakinabangan nila ang kaalaman na napapaloob sa modyul na ito.



***Alamin***

Mga layunin sa pagkatuto:

Nakikilala, nailalarawan, at naiguguhit ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Mindanao ayon sa uri ng kanilang pananamit, palamuti sa katawan, kaugalian, at pamumuhay.

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat ng mga tanong sa pagtataya at pagsasanay.

# Mga Icons sa Modyul

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ang mga desinyo sa kultural na pamayanan sa Mindanao ay makikita sa kanilang kagamitan at kasuotan na ginagamitan ng ibat-ibang linya, kulay at hugis. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusuod na mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa katutubong disenyo kung saan nakilala ang mga Maranao?

   A. Abstract C. Sarimanok
   B. Realism D. Photorealism
   C.

2. Ang mga pangkat etnikong Maranao ay karamihang naninirahan sa anong lugar sa Mindanao?

   A. Valencia City C. Butuan City
   B. Davao City D. Marawi City
   C.

3. Alin sa sumusunod ang hindi pangkat etniko ng Pilipinas?

   A. Indiano C. Maranao
   A. Tiboli D. Badjao

4. Ano ang ibig sabihin ng salitang Maranao?

   A. Lawa C. ilog
   B. Talampas D. Karagatan

5. Kung kayo ay naninirahan sa mga kultural na pamayanan, paano mo pahahalagahan ang mga katutubong sining o disenyo na mayroon dito?

   A. Magsuot ng damit galing sa ibang bansa.
   B. Itago sa aparador ang mga damit na may katutubong disenyo.
   C. Ipagmalaki at tangkilikin ang kasuotan na may katutubong disenyo.
   D. Isuot ang damit na may katutubong disenyo kung magsisimba lang.

# Aralin 1 Mga Disenyo sa Kultural na pamayanan ng Mindanao



***Balikan***

Ano-ano kaya ang halimbawa ng kultural na pamayanan sa Mindanao?

Ano-ano ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Mindanao?

## ***Tuklasin***

**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
| --- | --- |
| 1.  | A. Disenyong Maranao |
| 2.  | B. Disenyong Higaonon |
| 3.  | C. Disenyong T’boli |
| 4 Sila ay makikita sa Marawi City. | D. Higaonon |
| 5 Sila ay makikita sa Bukidnon. | E. T’boli |
| 6. Sila ay mahihilig sa paghahabi ng tela para sa paggawa ng damit. | F. Maranao |

## *Suriin*

Ang mga pangkat etniko mula sa Mindanao ay may kani-kaniyang katutubong sining na nagtataglay ng iba't ibang klaseng disenyo sa paggawa ng mga bagay-bagay tulad ng damit, musika, at pagpipinta.

Ang mga Maranao ay naninirahan sa Marawi City at nakilala sa kanilang taglay na disenyong pagpinta ng Sarimanok. Ang salitang Maranao ay hango sa salitang lawa na ang ibig sabihin ay mga taong naninirahan sa palibot ng lawa.



https://www.pinterest.ph/pin/20688479508574903/

Ang Higaonon naman mula sa Bukidnon ay may natatanging desinyong sining sa pagtugtog ng mga instrumento na sila mismo ang gumawa. Ang kanilang mga damit ay may iba't ibang disenyong naka-aakit sa mata na mapapansin mo kaagad dahil sa magagandang kulay, linya, at disenyo nito.



https://www.pinterest.ph/pin/456763587186566496/

Kilala naman sa makukulay na paghahabi ang disenyong sining ang mga T'boli na matatagpuan sa South Cotabato. Mahilig din sila sa paggawa ng makikinang at makukulay na alahas tulad ng earrings, bracelet, at beadwork.



http://tboli.globalmatters.com/prod01.htm

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Subukang iguhit ang bagay na nasa kahon gamit ang lapis at makukulay na kagamitan.

"Gayahin mo ako"









## *Isaisip*

Ang mga disenyo sa kultural na pamayanan sa Mindanao ay makikita sa kanilang mga kagamitan at kasuotan na ginagamitan ng iba’t ibang linya, kulay, at hugis.

Ang mga ito ay hango sa kalikasan at sa kapaligiran tulad ng hayop,dahon, bundok, araw, at bituin.



## *Isagawa*

Gumawa ng simpleng disenyo mula sa pangkat -etniko ng MIndanao

**Kagamitan:**

Cotton buds, chlorine, colored construction paper o makukulay na papel

***Panuto:***

1. Ihanda ang mga  kagamitang gagamitin.

2. Mag-isip ng disenyo ng mga kultural na pamayanan sa Mindanao tulad ng Maranao, Higaonon, at T`boli. Maaari ring gumamit ng sariling disenyo na ginagamitan ng iba’t ibang hugis, kulay, at linya.

3. Isawsaw ang cottonbuds sa chlorine. Marahan itong ipahid sa colored construction paper. (Paalala: Kailangan ang pagsubaybay ng magulang sa gawaing ito upang maiwasan ang disgrasya sa paggamit ng chlorine).

4. Maingat na ipahid ang chlorine sa construction paper upang hindi ito mapunit.

5. Patuyuin muna nang ilang minuto ang ginawang likhang sining.



## *Tayahin*

**Panuto A:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.Ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Marawi City ay tinatawag na ____?

A. Manobo
B. T'boli
C. Gaddang
D. Maranao

2.Ito ay ang grupo ng katutubong etniko na naninirahan sa Bukidnon?

A. Higaonon
B. T'boli
C. Gaddang
D. Maranao

3. Alin sa sumusunod ang pangkat etniko na nakatira malapit sa lawa?

A. Manobo
B. T'boli
C. Maranao
D. Badjao

4. Ang katutubong etniko na ito ay mahilig sa paghahabi ng makukulay na tela?

A. Manobo
B. T'boli
C. Maranao
D. Badjao

5. Paano mo maipagmamalaki ang mga kasuotan na nagmula pa sa ating mga ninuno?

A. Pagtatago nito
B. Pagpapalamuti
C. Pagsusuot nito sa paaralan
D. Pasusuot nito na may pagmamalaki

**Panuto B:** Isulat sa loob ng hugis ng araw ang salitang TAMA kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at isulat naman ang HINDI kung hindi ka sang-ayon.

1. Hindi makukulay ang ginagawang tela ng mga T'boli.



2. Karamihan sa mga Higaonon ay naninirahan sa Marawi City.



3. Ang mga kultural na pamayanan ng Mindanao ay may kani-kanilang ipinagmamalaking obra.



4. Ang mga Maranao ang gumawa ng likhang sining na Sarimanok.



5. Mahalang pahalagaan ang mga pinamana ng ating mga ninuno dahil para makilala ito sa mga susunod na henerasyon.



## *Karagdagang Gawain*

Maghanap ng mga larawan ng mga pangkat etniko sa Mindanao. Gupitin ang mga ito at idikit sa loob ng kahon sa ibaba.

Pangkatin ito ayon sa nabanggit na pangkat etniko.

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
|---|
| 1. C |
| 2. D |
| 3. A |
| 4. A |
| 5. C |
| 6. |
| 7. |
| 8. |
| 9. |

| Balikan |
|---|
| 1.disenyong ginagamitan ng linya,kulay at hugis |
| 2.pngkat etniko ng Ati |
| 3. |
| 4. |
| 5. |

| Tuklasin: |
|---|
| 1. A |
| 2. C |
| 3. B |
| 4. F |
| 5. D |
| 6. E |

| Tayahin B |
|---|
| 1.Mali |
| 2.Mali |
| 3.Tama |
| 4.Tama |
| 5.Tama |

| Tayahin A |
|---|
| 1.D |
| 2.A |
| 3.C |
| 4.B |
| 5.D |

***Sanggunian:***

Montañez , Cynthia et al (2015) Musika at Sining 4 LM Department of Education- Instructional Council Secretariat at (DepEd- IMCS)

Montañez , Cynthia et al (2015) Musika at Sining 4 LM Department of Education- Instructional Council Secretariat in Art Unang Markahan

DLP in Art Unang Markahan

https://www.pinterest.ph/pin/20688479508574903/

https://www.pinterest.ph/pin/456763587186566496/

http://tboli.globalmatters.com/prod01.htm

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615